Republic of the Philippines
**SANGGUNIANG BAYAN**
Taytay, Rizal

*PK Blg. 2309-137*

**KAPASYAHAN BLG. 274 serye ng 2023**

**PAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NI RYAN DARIO SARANGAY AT PAGKILALA SA KANYANG PAGIGING HUWARANG TAYTAYEÑO SA LARANGAN NG FASHION DESIGN**

---

May Akda: Pangalawang Punong Bayan Sophia Priscilla L. Cabral
Nagpanukala: Kon. Joanne Marie P. Calderon
Kapwa Nagpanukala: Kon. Jan Victor B. Cabitac
Kon. Ma. Jeca B. Villanueva
Kon. Philip Jeison J. Cruz
Kon. Patrick John P. Alcantara
Kon. Jean Lalaine P. Calderon
Kon. John Tobit E. Cruz
Kon. Ma. Elaine T. Leonardo
Pangulo LnB Rufe C. Tapawan
Pangulo Ped. SK Zyrell May B. Villanueva

---

SAPAGKAT, si Ryan Dario Sarangay ay isa sa mga kilalang Taytayeño pagdating sa larangan ng Fashion Design;

SAPAGKAT, siya ay nagpamalas ng ibayong sipag, talino, kababaang-loob at dedikasyon sa kanyang larangan sa loob ng 20 taon na nakatulong sa pagpapaunlad at pagkilala sa Bayan ng Taytay pagdating sa larangan ng Fashion Design;

SAPAGKAT, maliban sa pagiging Fashion Designer, nakilala din siya sa kanyang adbokasiya para sa mga taong may kapansanan (PWD) at kontribusyon sa simbahan;

SAPAGKAT, ang buong Bayan ng Taytay, sa pangunguna ng Punong Bayan Allan Martine S. De Leon at ang bumubuo ng 12$^{th}$ Sangguniang Bayan ng Taytay ay nagpapaabot ng panalangin para sa mapayapang paglalakbay ng kapwa Taytayeño na yumao kamakailan;

LUBUSANG PINAGPASYAHAN, kagaya ng lubusang pagpapasya, ang PAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NI RYAN DARIO SARANGAY AT PAGKILALA SA KANYANG PAGIGING HUWARANG TAYTAYEÑO SA LARANGAN NG FASHION DESIGN.

PINAGPASYAHAN PA, na ipadala ang sipi ng Kapasyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayong ika-6 ng Setyembre, 2023, 2:18 ng hapon dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

---

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan na nilalaman ng kapasyahan ito, na pinagtibay pa rin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na ika-59 Pangkaraniwang Pulong ng ika-6 ng Setyembre, taong 2023 sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

**JULIETA M. JUANILLO**
Board Sec. III / Pansamantalang Kalihim ng SB

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

**KGG. SOPHIA PRISCILLA L. CABRAL**
Pangalawang Punong Bayan / Tagapamatnugot

**KGG. JAN VICTOR B. CABITAC**
Konsehal

**KGG. MA. JECA B. VILLANUEVA**
Konsehal

**KGG. PHILIP JEISON J. CRUZ**
Konsehal

**KGG. PATRICK JOHN P. ALCANTARA**
Konsehal

**KGG. JEAN LALAINE P. CALDERON**
Konsehal

**KGG. JOHN TOBIT E. CRUZ**
Konsehal

**KGG. JOANNE MARIE P. CALDERON**
Konsehal

**KGG. MA. ELAINE T. LEONARDO**
Konsehal

**KGG. RUFE C. TAPAWAN**
Pangulo ng Liga ng mga Barangay

**KGG. ZYRELL MAY B. VILLANUEVA**
Pangulo ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan